


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan - Modyul 8: Pagpapahalaga sa Pagtatanggol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes



**Name of Learner:** ______________________________

**Grade & Section:** ______________________________

**Name of School:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lorena S. Vergara, Ed.D
Abegael G. Magdayo

**Editors:** Jeneliza C. Panes, Ed.D
Ryan G. Tulod, Ma.Ed
Lujjizl Jane Dela Peña
Vilma P. Lomocso, MT-I

**Tagasuri:** Alma L. Carbonilla, Ed.D
Ramel P. Cael, Ed.D

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Ariel T. Lim

**Tagalapat:** Alma L. Carbonilla, Ed.D

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan




# Alamin

Pagkatapos ng modyul, ikaw ay inaasahang:

- Napahahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes



# Balikan

Ating balikan ang Kasaysayan ng Pilipinas taong 1946 hanggang taong 1972. Handa ka na ba?

**Panuto:** Piliin sa kahon ang tamang sagot at isulat ang titik sa sagutang papel.

______1. Ipinatupad ang ibang pangunahing mga prayoridad ng kaniyang administrasyon gaya ng: ang industrialisasyon ng Pilipinas, ang pagpapatagal ng malapit na kooperasyon at ispesyal na relasyon sa Estados Unidos (dahilan kung bakit sa panahon niya'y isang pampublikong kaalaman na siya'y isang *"Pro-American"*), ang pagpapanatili ng batas at kaayusan at ang pagpasa sa kongreso ng batas na magbibigay sa magsasaka ng 70% ng kabuuang kinitang ani (30% lamang sa panginoong maylupa).

______2. Ang pagtayo ng mga bangkong rural at *Labor Management Advisory Board*, isang pampangulong lupong tagapayo.

______3. Ang pagpapabuti ng pamantayan ng pamumuhay sa pamamagitan ng paggawa ng mga sistemang patubig, tulay, balon at kalsada; pagsasakatuparan ng paggamit ng <u>Barong Tagalog</u> sa mga opisyal at sosyal na gawain na dati ay itinuturing na damit ng mahirap, pagtatatag ng *SEATO (<u>Southeast Asia Treaty Organization</u>).*

______4. Ang pagpapatupad ng patakarang "Pilipino Muna" (*First Filipino Policy*) para mataguyod at maprotektahan ang produktong Pilipino; ang pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng mabuting pakikisama ng Bayanihan Dance Troupe sa ibang bansa; pagrespeto sa karapatang pantao at pagpapanatili ng malayang halalan; ang paggawa ng Komisyong Sentenaryo ng Dr. Jose P. Rizal at ang pagtataguyod ng pandaigdigang kapayapaan at pagkakasundo sa pamamagitan ng opisyal na mga pagbisita.

______5. Siya ang pinakamaraming nagawang kalsada, tulay, paaralan, gusali ng pamahalaan, sistemang patubig (kasabay ng pagpapakilala ng "*Miracle Rice*"), at marami sa mga ito ay nananatiling nakatayo pa gaya ng Tulay ng San Juanico sa pagitan ng Samar at Leyte; ang Pan-Philippine Highway mula Laoag hanggang Lungsod ng Zamboanga; ang Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, Sentrong Pangkumbensiyong Pandaigdig ng Pilipinas, Tanghalan ng Katutubong Sining at ang Sentrong Pampelikula ng Maynila; at pati na rin ang pag-aayos ng Pambansang Daambakal ng Pilipinas (PNR).




**A.** Manuel Roxas
(1946-1948)




**B.** Elpidio Quirino
(1948-1953)




**C.** Ramon Magsaysay
(1953-1957)




**D.** Carlos Garcia
(1957-1961)




**E.** Diosdado Macapagal
(1961-1965)



**F.** Ferdinand Marcos
(1965-1972)

| Aralin 8 | Pagpapahalaga sa Pagtatanggol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes |
|---|---|



# Tuklasin

Magaling! Ngayon, ating tuklasin ang iba't ibang pambansang interes na pinagtanggol ng mga Pilipino.

**Panuto:** Lagyan ng tsek (√) kung ang pahayag ay tama at ekis (X) kung ito ay mali. Gawin ito sa sagutang papel.

_______1. Ang edukasyon ng isang bata ay nagsisimula sa tahanan.

_______2. May kahinaan sa pag-iisip ang malusog na mamamayan.

_______3. Bawat tao ay may sari-sariling kakayahan na dapat pagyamanin.

_______4. Sa pagpasok ng tamang oras sa trabaho ay nakakatulong sa pagiging produktibo ng isang tao.

_______5. Isang bahagi ng kultura ang musika.



# Suriin

Suriin natin ang mga iba't ibang pambansang interes na pinagtanggol ng mga Pilipino.Tara samahan mo ako!

Ang pambansang interes ay nangangahulugang ang mga karaniwang interes ng mga tao at ang buong bansa, at nagiging desisyon base ng iba't ibang mga patakaran (lalo na patakarang panlabas), ang pamantayan ng pagiging wasto / pagiging epektibo.

Ang pambansang interes ay kailangang nasa ubod ng isang Demokratikong Pagbabagong Pilipino na ginagabayan ng gabay pangkaisipan na diwang pilipino. Ang kahulugan nito, ang PILIPINO ang siyang tanging may tangan ng kapangyarihang pampulitika na malaya sa kontrol, maniobra at manipulasyon ng anumang dayuhang lakas, mga oligarko, Burgesya-Kumprador at mga lokal nilang kasabwat. Kailangang tayo, tayong mga

Pilipino ang dapat na dominanteng puwersang pangkabuhayan na may ganap na kontrol at hindi kahati lamang ng buong ekonomiya ng bansa o ng lahat ng mga sangay nito.

| | |
|---|---|
| **Patakaran at Programang Pangkabuhayan Inilunsad ng Pamahalaan sa Pag-unlad ng Bansa** | Ang pamahalaan ay naglulunsad ng mga patakaran at programa para sa kaunlaran ng kabuhayan ng mga mamamayan, kabilang dito ay ang patubig, pagkain, kooperatiba at likas na yaman. Nakasalalay ang kaunlaran ng bansa sa patuloy na paglinang at paggamit ng mga likas na pinagkukunang-yaman.<br>Ang pag-unlad ng isang bansa ay nakasalalay sa uri ng mga gawaing pangkabuhayang nagaganap sa isang bansa. Maaaring hatiin sa tatlong uri ang mga gawaing pangkabuhayan:<br>• Produksyon<br>• Distribusyon<br>• Paggamit ng mga produkto at serbisyo.<br>1. ***National Irrigation Administration (NIA)*** -ang sistema ng patubig ay pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaan upang ng regular na panustos ng tubig para sa tuloy-tuloy na pagtatanim sa mga lupang pansakahan.<br><br>2. ***San Roque Multi- Purpose Dam***- itinayo sa pagitan ng Benguet at Pangasinan sa Luzon at itinuturing na pinakamalaki sa buong Asia. Nagsimula ito nong 1998, 1.19 billion dolyar.<br><br>3. ***NATIONAL FOOD AUTHORITY*** - ang ahensya na nangangasiwa ng sapat na pagkain*(cereal)* ng mga mamamayan at nagtataguyod ng pagpapalago ng industriya ng mga butil.<br><br>4. ***LIVELIHOOD MULTI-PURPOSE LOAN*** - ito ang programang nagbibigay ng pagkakataon sa maliit na mga mamumuhunan. Hinihikayat ang mga maliliit na mamumuhunan na magkaroon ng sariling industriya na kanilang pagkakakitaan sa mga pamayanang rural.<br><br>5. **Wastong paggamit ng likas** - yaman Ang ating produksyonay batay sa wastong paggamit ng mga lupain. Habang lumalaki ang populasyon, lumiliit ang lupaing tinatamnan. Maraming agrikultural ang nawala at ginamit sa pabahay, komersiyo, at industriya. |

| | |
|---|---|
| | 6. ***SUSTAINABLE DEVELOPMENT*** - Sinusuportahan ng ating bansa ang isang uri ng pagpapaunlad ng ekonomiya na hindi nakapipinsala sa kalikasan. Tinatawag itong sustainable development. Ito ay isang sistema ng pagpapaunlad sa ekonomiya ng bansa. |
| **Paraang Ginagawa ng Pamahalaan Para sa Pagpapabuti ng Uri ng Edukasyon** | • Pagkakaroon ng libreng edukasyon sa antas ng elementarya at hayskul.<br>• Pagbabalik ng asignaturang *Good Manners & Right Conduct.*<br>• Pagdaragdag ng bilang ng araw sa pagpasok sa paaralan mula sa 185 hanggang 202.<br>• Pagbibigay diin sa mga kursong bokasyunal.<br>• Pagbibigay ng pagsasanay o seminar sa mga administrador at mga guro.<br>• Pagsasaayos ng kurikulum para makatugon sa nagbabagong panahon.<br>• Itinakda ang *Republic Act 8525* ukol sa *Adopt-a-School Program* at Brigada Eskwela noong Mayo, 2003. |
| **Paraan ng Pagpapaunlad ng Agham at Teknolohiya** | • Pagbibigay ng kompyuter sa mga pampublikong paaralan.<br>• Pagbibigay-diin sa pagpapaunlad ng agham at teknolohiya.<br>• Nailunsad ang programang *Science and Technology Agenda for National Development* upang matugunan natin ang ating mga domestikong pangangailangan. Dito nagkaroon ng modernisasyon sa mga sektor ng ating produksyon, pagsasaayos ng mga pagsasaliksik at kaunlaran sa pag-eexport, pagpapaayos ng ating mga imprastraktura at lakas tao.<br>• Tuluyang pinadaloy ang dagadag kaalaman sa teknolohiya para sa kaunalaran sa pagtatayo ng *APEC Center for Technology Exchange and Training for Small and Medium Enterprises* sa Los Baños, Laguna. |

| | |
|---|---|
| | • Pagbibigay ng iskolarsyip sa mga imbentor at siyentipiko.<br><br>• Pagdaragdag ng kaalaman at pagsasanay sa *Science and Technology – Based Education.* Dito naisagawa ang *Engineering and Science Education Program* upang mapaunlad ang agham at edukasyon batay sa teknolohiya. |
| **Pangangalaga at Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan** | Ang bawat tao ay may sari-sariling kakayahan na dapat pagyamanin. Subalit ito ay mawawalang saysay kung walang pagtitiwala sa sarili. Ang kakayahang ito ang magiging puhunan para sa iyong kinabukasan kaya't nararapat itong linangin.<br><br>Ang malusog na mamamayan ay may matalinong pag-iisip at kasiglahan sa pagganap ng kanyang tungkulin.<br><br>• Pagkakaroon ng kampanyang pang-edukasyon tulad ng HATAW na nanghihikayat sa mamamayan na mag-ehersisyo, Yosi Kadiri laban sa paninigarilyo at mga proyekto sa Aids Awareness.<br><br>• Pagkakaloob ng libreng bakuna, pagpapatayo ng *PATAK CENTERS* at pagsasagawa ng *Oplan Alis Disease.*<br><br>• Pagkakaloob ng Sentrong Pangkalusugan ng mga seminar para sa pagpaplano ng pamilya.<br><br>• May ilang pampublikong ospital ang isinasa-pribado tulad ng *Tala Leprosarium, Quezon Institute, Phil. Heart Center, Children's Medical Center* at iba pa.<br><br>• Programa ng malawakang pagbibigay ng indeksyon laban sa *Hepatitis B* at *Polio.* |
| **Pagpapanatili at Pagpapaunlad sa Kultura ng Bansa** | Ang mga Pilipino ay may mataas na antas ng kultura na umaani ng paghanga mula sa mga taga-ibang bansa.<br>Ang kultura ay nagpapakilala sa kakanyahan at kakayahan ng mga Pilipino. May mga natatanging Pilipino na nagpakita ngpagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kulturang Pilipino |



# Pagyamanin

Binabati kita dahil umabot ka sa pahinang ito! Ngayon, sagutan mo ang *activity* na ito.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong at isulat ito sa sagutang papel.


1. Bakit ang wastong saloobin sa paggawa ay puhunan sa kaunlaran ng bansa?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Bilang mag-aaral, sa anong mga paraan mo pagyayamanin ang mga kakayahang taglay?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Sa iyong palagay nakakatulong ba sa mabilis na pag-unlad ang isang mamamayang malusog ang pangangatawan at isipan? Paano?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Mahalaga ba ang edukasyon sa pagkamit ng pambansang interes? Bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
5. Paano nakakatulong ang Agham at Teknolohiya sa pag-unlad ng kabuhayan ng bansa?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________



# Isaisip

Kamangha-mangha! Naabot mo ang pahinang ito. Kumpletuhin ang activity na ito.

**Panuto:** Kumpletuhin ang *Bubble Map Graphic Organizer*.





# Isagawa

**Panuto:** Pagtambalin ang mga salita sa Hanay A at Hanay B. Gawin ito sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. Ang mamamayang may tiwala sa sariling kakayahan ay hindi inaasa sa pamahalaan ang kanilang panustos sa mga pangangailangan sa araw-araw. | A. Pagpapanatili at Pagpapa-unlad sa Kultura ng Bansa |
| 2. Pagsali ni Lizel sa isang Tagisan ng Talino. | B. Patakaran at Programang Pangkabuhayan Inilunsad ng Pamahalaan sa Pag-unlad ng Bansa |
| 3. Pagtangkilik sa sariling musika, sayaw at sining. | C. Pangangalaga at Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan |
| 4. Pagpapatuloy sa pag-aaral kahit may kapansanan. | D. Paraang Ginagawa ng Pamahalaan Para sa Pagpapabuti ng Uri ng Edukasyon |
| 5. Kapag magaling at mahusay ang teknolohiya, madaling maibibigay ng pamahalaan ang mga pangangailangan ng mga mamamayan. | E. Paraan ng Pagpapaunlad ng Agham at Teknolohiya |



# Tayahin

**Panuto:** Basahin ng mabuti ang mga tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Saan nagsisimula ang edukasyon ng isang bata?
   A. paaralan
   B. pamayanan
   C. simbahan
   D. tahanan

2. Alin sa mga ito ang dalawang lebel ng instruksyon ang libre na ibinibigay ng ating pamahalaan?
   A. Elementarya at Kolehiyo
   B. Elementarya at Sekondarya
   C. Kolehiyo at Masteral
   D. Sekondarya at Kolehiyo
3. Ano ang epekto sa Sistema ng edukasyon sa mahusay na katayuan ng guro at mag-aaral?
   A. Kaayusan
   B. Kabuuan
   C. Kalidad
   D. Karunungan
4. Bilang isang mamamayang may tiwala sa sariling kakayahan, alin sa mga ito ang iyong tamang gawin?
   A. Hindi inaasa sa pamahalaan ang kanilang panustos sa mga pangangailangan sa araw-araw.
   B. Inaasa ang sariling kabuhayan sa mga kamag-anak o maiimpluwensyang tao.
   C. Inaasa ang pangangailangan sa Diyos.
   D. Umaasa at humihingi ng tulong sa pamahalaan sa lahat ng pagkakataon.
5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan?
   A. Pagbitiw ni Joshua sa pagiging pangulo ng organisasyon.
   B. Pagpapagawa ng takdang-aralin sa magulang o mas nakakatanda.
   C. Pagsali ni Joana sa paligsahan sa pag-aawit.
   D. Pagtalikod ni Silya sa tagisan ng talino sa Araling Panlipunan.
6. Lahat ng mga ito ay mga katangian ng isang taong may tamang saloobin sa pagawa, MALIBAN sa isa. Alin dito?
   A. Maayos magtrabaho kahit labis na sa oras
   B. Madasalin, mabilis, magtiwala at madaling makisama
   C. Mapangarapin ngunit mabagal kumilos
   D. Masipag, matiyaga, matapat at malikhain
7. Bakit kailangang pangalagaan at palaganapin ang mga pamana ng lahi?
   A. Upang dito malalaman ang pinagmulan ng isang bansa
   B. Upang maging sikat sa ibang bansa
   C. Upang maipagmalaki ito sa mga ibang bansa
   D. Upang mapag-aralan ito ng mga siyentipiko
8. Paano nakakatulong ang teknolohiya sa pag-unlad ng kabuhayan?
   A. Nakadagdag ng problema
   B. Nakapagbigay ng hindi maayos na pakiramdam
   C. Napapabagal ang mga gawain
   D. Napapadali ang mga gawain

9. Sa anong kaunlaran, nabibilang ang pagtangkilik sa sariling musika, sayaw at sining?
    A. Kaunlarang Pangkabuhayan
    B. Kaunlarang Pangkultura
    C. Kaunlarang Pambansa
    D. Kaunlarang Pampulitika
10. Paano mo mapananatiling malusog ang iyong katawan upang makatulong sa pag-unlad ng bansa?
    A. Gumamit ng ipinagbabawal na gamot.
    B. Kumain ng masusustansiyang pagkain.
    C. Mag-ehersisyo kung kalian nais gawin ito.
    D. Manood ng telebisyon hanggang hating gabi.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng isang talata tungkol sa pagpapahalaga sa pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes.

*Ang rubrik ang magsisilbing gabay para sa paggawa ng talata.

| **Rubrik** | | |
|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Laang Puntos** | **Aking Puntos** |
| 1. Mahusay at angkop ang mga salita sa talata na ginawa. | 5 | |
| 2. Hindi bumaba sa limang pangungusap ang talata. | 5 | |
| 3. Nakagawa ng buod at malinaw na kaisipan tungkol sa paksa. | 5 | |
| Kabuuang Puntos | 15 | |
| 5 – Napakahusay<br>4 – Mahusay<br>3 – Katamtaman<br>2 – Di gaanong mahusay<br>1 – Sadyang di mahusay | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. A-Manuel Roxas
2. B-Elpedio Quirino
3. C-Ramon Magsaysay
4. D-Carlos Garcia
5. F-Ferdinand Marcos

**Tuklasin**

1.√
2. X
3. √
4. √
5. √

**Pagyamanin**

Iba't ibang kasagutan

**Isaisip**

*Patakaran at Programang Pangkabuhayan Inilunsad ng Pamahalaan sa Pag-unlad ng Bansa
* Paraang Ginagawa ng Pamahalaan Para sa Pagpapabuti ng Uri ng Edukasyon
* Paraan ng Pagpapaunlad ng Agham at Teknolohiya
*Pangangalaga at Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan
*Pagpapanatili at Pagpapaunlad sa Kultura ng Bansa

**Isagawa**

1. B
2. C
3. A
4. D
5. E

**Tayahin**

| | |
|---|---|
| 1. D | 6. C |
| 2. B | 7. A |
| 3. C | 8. D |
| 4. A | 9. B |
| 5. C | 10.B |

**Karagdagang Gawain**

Iba't ibang kasagutan

## Sanggunian


Olivarez, A. et al. Lesson Plan in HEKASI-6. Philippines: Reevee Book Supply, 2012.

Balonso, Celinia, et al. Marangal na Pilipino: Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika 5. Philippines: Vibal Publishing House, Inc., 2006.

Department of Education, LRMDS. May 15, 2013 https://lrmds.deped.gov.ph/detail/1182

https://mimirbook.com/tl/6d9d3c70631

https://tl.wikipedia.org/wiki/Kasaysayan_ng_Pilipinas_(1946%E2%80%931972)

**ISULONG ANG NASYONALISMONG PILIPINO(PILIPINISMO)**

https://tinyurl.com/y5vdjows

https://www.slideshare.net/sweetangel1972/mga-patakaran-at-programang-pangkabuhayan-ng-pamahalaanhalaan

https://www.slideshare.net/edithahonradez/yunit-ii-aralin-14-pagsulong-at-pag-unlad-ng-kultura-66644116

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men and Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.